# *Paano Pagandahin ang Iyong Sarili Yugto 1*
# *Pagtuturo Laban sa Pampaganda, Pagpipinta at Pabango*

***"1 Gayon din naman, kayong mga asawang babae pasakop kayo sa inyong sarisariling asawa; upang, kung ang ilan ay hindi tumalima sa salita, ay mangahikayat ng walang salita sa pamamagitan ng ugali ng kanikaniyang asawang babae; 2 Sa pagkamasid nila ng inyong ugaling mahinhin na may takot; 3 Na huwag sa labas ang kanilang paggayak na gaya ng pagpapahiyas ng buhok, at pagsusuot ng mga hiyas na ginto, o pagbibihis ng maringal na damit; 4 Kundi ang pagkataong natatago sa puso na may damit na walang kasiraan ng espiritung maamo at payapa, na may malaking halaga sa paningin ng Dios. 5 Sapagka't nang unang panahon, ay ganito naman nagsigayak ang mga babaing banal na nagsiasa sa Dios, na pasakop sa kanikaniyang asawa; 6 Na gaya ni Sara na tumalima kay Abraham, na kaniyang tinawag na panginoon: na kayo ang mga anak niya ngayon, kung nagsisigawa kayo ng mabuti, at di kayo nangatatakot sa anomang kasindakan."***
***(1 Pedro 3:1-6 KJV)***

Pagkatapos magkasala ni Adam, si Eva ang tumukso sa Kanya na inilaay sa ilalim ng kanyang pamumuno, at sa kalagayang ito ay nanatili hanggang ngayon. ***"16 Sinabi niya sa babae, Pararamihin kong lubha ang iyong kalumbayan at ang iyong paglilihi; manganganak kang may kahirapan; at sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban, at siya'y papapanginoon sa iyo." (Genesis 3:16)*** Samakatuwid sa sanglibutan ngayon, ang babae ay hinahanap ang kanyang kalayaan mula sa lalaki, lahat sa ngalan ng kababaihan at naghahanap din upang patunayan ang kanyang pagkakakapantay pantay sa lalaki.

Ngunit kung tayo ay dadako sa Salita ng Dios makikita natin na ginawa ng Dios ang lalaki at babae na iisa. ***"28 Walang magiging Judio o Griego man, walang magiging alipin o malaya man, walang magiging lalake o babae man; sapagka't kayong lahat ay iisa kay Cristo Jesus." (Galacia 3:28 KJV)*** Ipinahayag din ni Pablo ang parehong kahalagahan ng parehong lalaki at babae: ***"8 Sapagka't ang lalake ay hindi sa babae; kundi ang babae ay sa lalake: 9 Sapagka't hindi nilalang ang lalake dahil sa babae; kundi ang babae dahil sa lalake;10 Dahil dito'y nararapat na ang babae ay magkaroon sa kaniyang ulo ng tanda ng kapamahalaan, dahil sa mga anghel. 11 Gayon man, ang babae ay di maaaring walang lalake at ang lalake ay di maaaring walang babae, sa Panginoon.12 Sapagka't kung paanong ang babae ay sa lalake, gayon din naman ang lalake ay sa pamamagitan ng babae; datapuwa't ang lahat ng mga bagay ay sa Dios." (1 Corinto 11:8-12)***

Sa gayon, kung ang babae ay dadako sa Salita ng Dios, mahahanap niya ang lugar na pinanatili at protektado. Sinalita ni Apostol Pedro sa ***1 Pedro 3:1-6***, ang tungkol sa babae na nasa pakikibaka kasama ng kanilang hindi mananampalatayang mga asawang lalaki. Ang pakikibaka ay nasa loob ng pamilya at hindi sa pagitan lalaki at babae sa lipunan. Inutusan ni Pedro ang kababaihan na magpakabuti sa kanilang asawang lalaki kagaya ni Cristo na nagpakabuti sa krus. Tinawag ni Pedro ang kanilang pansin sa katotohanan na ang lalaki ang magmamasid at mapapansin ang mga sumusunod na mga bagay:

***1. Pagsasalita ng walang mga Salita (Paguugali): "upang, kung ang ilan ay hindi tumalima sa salita, ay mangahikayat ng walang salita sa pamamagitan ng ugali ng kanikaniyang asawang babae;" (1Pedro 4:1 KJV)*** Ang asal at paguugali ng babae ay ang unang tahimik na pananalita na titingnan ng lalaki.

***2. Malinis na usapan: "2 Sa pagkamasid nila ng inyong ugaling mahinhin na may takot."(1 Pedro 3:2 KJV)*** Ang mahinhong at magalang ng paraan ng pagsasalita ng babae ay makaakit sa pansin ng Dios at ng mga tao at magawa nilang makamit ang kanilang pag sang ayon.

***3. Pagkatakot sa Dios: "ugaling mahinhin na may takot."(1 Pedro 3:2 KJV)*** Upang maging isang tao na may takot sa Dios ay isang bagay na mahalaga at isang karangalan sa babae.

***4. Hindi gumagamit ng panlabas na pampaganda: "3 Na huwag sa labas ang kanilang paggayak na gaya ng pagpapahiyas ng buhok, at pagsusuot ng mga hiyas na ginto, o pagbibihis ng maringal na damit;" (1 Pedro 3:3 KJV)*** Upang makatanggap ng lingap mula sa Dios at sa kalalakikhan. Kailangang iwasan ng kababaihan na gumamit ng panlabas na pagpapalamuti (dekorasyon, pampaganda, pagpapalamuti, paggayak ng ginto, pagpapagarbo, pagpapahusay). Ang paggamit ng palamuti at pampaganda ay pandaraya at hindi tapat na paraan upang makamit ang tulong. Ang isang babae na gumagamit ng make up upang pagandahin ang kanyang sarili para makakuha ng pansin ay talagang isang panunuhol! Hindi ako hadalang sa paggamit ng medikal na losyon upang gamutin ang kondisyon ng balat o pagtuyo, ngunit sa paggamit ng nakaakit na mga kulay at amoy upang makatawag pansin sa iba ay hindi matuwid at hindi patas. Sinabi ni Pedro sa kababaihan sa kanyang panahon na huwag magtirintas ng kanilang buhok sapagkat ginagamit nila ang ganitong paraan upang akitin ang mga lalaki. Hindi niya rin itinagubilin ang pagsusuot ng mga alahas at mamahaling kasuotan para sa pampapaganda. Sa ngayon, mayroong ibang mga paraan na ginagamit ng mga babae upang akitin ang mga lalaki. Sa gayong tanging paraan ay dapat natin hatulan. Kung si Apostol Pedro ay magsusulat ng parehong talata ngayon, aabot siya sa bersekulo 3 at patuloy sa magsusulat ***"3 Ang inyong ganda ay huwag maging panlabas*** at isulat ang lahat ng mga kasuotang ideneseny o at mga produktong may tatak na dumadagsa sa pamilihan ngayon.

Tandaan: Ilan sa mga paraan ng kababaihan na gumagamit ngayon upang pangasiwaan ang kanilang buhok upang ang kanilang pang araw araw na trabaho at pagkilos ay mas madali at maginhawa sa kanila, ay lubos na katanggap tanggap. Sa gayon, para sa ganitong kadahilanan hindi dapat natin silang hatulan.

***5. Paggamit ng paggayak ng isang maamo at payapang espiritu: "4 Kundi ang pagkataong natatago sa puso na may damit na walang kasiraan ng espiritung maamo at payapa, na may malaking halaga sa paningin ng Dios." (1 Pedro 3:4 KJV)*** Ang kababaihan ay dapat gamitin ang nakatagong pagkatao, ang espiritu na may kaugnayan sa Banal na Espiritu, upang Makita ang bunga ng Banal na Espiritu sa kanilang buhay. Ang paggamit ng labis na make up at ang katulad ay isinasaalang alang na masasamang bagay. Ang pagpapakita ng bunga ng Banal na Espiritu sa ating buhay ay may malaking halaga sa paningin ng Dios at magbibigay sa atin ng higit pagsang ayon.

***6. Pagtitiwala sa Diyos: "5 Sapagka't nang unang panahon, ay ganito naman nagsigayak ang mga babaing banal na nagsiasa sa Dios, na pasakop sa kanikaniyang asawa;" (1 Pedro 3:5 KJV)*** * Ang banal na kababaihan sa dating panahon ay pinapaganda ang kanilang mga sarili sa pagpapasakop sa kanilang mga asawa; ipinapahayag nila ang kanilang pagtitiwala sa Dios at itinatanghal ang kanilang kaamuhan at mahinanong espiritu upang akitin ang kanilang mga asawang sa kanila at ilapit sila sa Dios. Ganyan din nila ipinakita ang kanilang buong pagtitiwala sa Dios. Ang kababaihang gumagawa ng kalooban ng Dios ay isinusuot ang pananamit ng kababaang loob upang makamit ang tulong ng Dios at ng lalake. Ang simbahan ng Dios ay ang asawa ni Jesus at kapag tayo ay nanatili sa kalooban ng Dios ay nagpapasakop tayo sa ating Asawang Lalaki na si Jesu-Cristo, at iyon ang higit na nakakapagpalugod sa paningin ng Dios.

***7. Kumilos katulad ng anak na babae ni Sara: "6 Na gaya ni Sara na tumalima kay Abraham, na kaniyang tinawag na panginoon: na kayo ang mga anak niya ngayon, kung nagsisigawa kayo ng mabuti, at di kayo nangatatakot sa anomang kasindakan." (1 Pedro 3:6 KJV)*** Si Sarai ay isang mabuting halimbawa upang sundan, upang sumunod sa utos ng Dios at sumunod sa kanilang makadios na asawang lalaki. Si Sarai ay nagantimpalaan kay Isaac kahit lampas na siya ng edad sa pag aanak, at ang babae na sumusunod sa kanyang halimbawa, ay makakakita rin ang mga himala. Kapag tayo bilang isang simbahan ay ibinigay ang ating sarili sa pagpapasailalim sa kalooban ng Dios, sa gayon gagantimpalaan Niya tayo ng may katiyakan sa Kanyang mahalagang mga pangako. Kailangan natin magtiwala sa Dios ng lubos at sa ganitong paraan tayo ay makakatakas mula sa mga pag aalala at pagkatakot.

Pagbali sa mga kababaihang nagpapahid ng make up at naglalagay ng pabango upang mapahanga ang iba, ang sumusund na mga mensahe ng isang kapatid na babae sa mga nakikinig:

*"Sa halip na maglaan ng oras sa pagtatanong kung anong kulay ng anino ng mata ang babagay sa aking kasuotan ngayon o anong uri ng lipstick ang aking gagamitin para dito, o ang aking blush ay masyadong makintab, o napansin ba nila ang bago kong pabango, mga kababaihan, hindi ba kamangha mangha na gamitin ang oras na ito at pagsisikap sa pagpapalugod sa Dios? Paano? Sa pagbabasa at pagninilay ng Kanyang Salita,sa pagbabahagi ng Mabuting Balita sa iyong pamilya, mga kaibigan, at kahit sa mga katrabaho, sa pagtutuon sa ministerio ng Panginoon na ibinigay sayo."*

*"Tayo ay nabubuhay sa isang mundo na ang makeup ay lubos na pinapahalagahan, ngunit babae! hindi mo ito kailangan. Tulad ng nakasaad sa Banal na Kasulatan sa itaas, huwag nating pagisipan ang panlabas; sa halip, ating bigyang pansin na pagandahin ang nakatagong pagkatao, na hindi nabubulok, Isang kagandahan na tumatagal na nakakalugod sa Dios."*

*"Upang linisin qng ating katawan at gamitin ang mga bagay na kapaki pakinabang ay katanggap tanggap. Sa paggamit ng mamahaling pabango at pampinta sa ating mga mukha, pasimple nating inaakit ang mga taong nakapaligid sa atin at ksabay nito ay ipinapalabas natin ang mababang pagpapahalaga sa sarili at kawalan natin ng kakayahan na mapagtanto kung sino tayo kay Cristo. Totoo na marami sa kababaihan ay maarte tungkol kung ano ang kanilang amoy sa halip na sa kung gaano sila epektibo sila bilang asin at ilaw sa sanglibutang ito."*

***"13 Kayo ang asin ng lupa: nguni't kung ang asin ay tumabang, ay ano ang ipagpapaalat? wala nang ano pa mang kabuluhan, kundi upang itapon sa labas at yurakan ng mga tao.14 Kayo ang ilaw ng sanglibutan. Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago.15 Hindi rin nga pinaniningasan ang isang ilawan, at inilalagay sa ilalim ng isang takalan, kundi sa talagang lalagyan ng ilaw; at lumiliwanag sa lahat ng nangasa bahay.16 Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit." (Mateo 5:13-16 KJV)*** Sinabi ni Jesus, ***"Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao." (Mateo 5:16)*** Ang ating buhay ay dapat sumasalamin sa kaliwanagan ni Jesus at ilapit ang mga tao sa Dios sa halip na hayaan ang ating make-up ang makapaglapit sa atin sa mga tao.

*"Sa larangan ng ating trabaho, (paguulat, pagtatanghal, pagpupulong, pagtatagpo atbp) maraming oras ang inilalaan sa kanilang panlabas kaysa nilalaman ng kanilang ulat. Ngunit kahit gaano ka man kaganda sa harap ng iyong amo o kliyente, papupurihan ka nila o hahatulan ka ayon sa iyong trabaho. Huwag kang magtiwala sa iyong kagandahan o kung paano mo pintahan ang iyong sarili. Magtiwala ka sa Dios; ang iyong pagtutok ay ihayag ang gawa ng iyong mga kamay ng matagumpay upang ikaw ay maging isang mabuting halimbawa kung paanong maging isang tagatanggap ng tulong ng Dios sa iyong trabaho.*

***"30 At nang si Jehu ay dumating sa Jezreel nabalitaan ni Jezabel; at kaniyang kinulayan ang kaniyang mga mata, at ginayakan ang kaniyang ulo, at dumungaw sa dungawan.31 At samantalang si Jehu ay pumapasok sa pintuang-bayan, kaniyang sinabi, Kapayapaan ba ikaw Zimri, ikaw na mamamatay sa iyong Panginoon? 32 At kaniyang itiningala ang kaniyang mukha sa dungawan, at nagsabi, Sino ang sa ganang akin? sino? At dinungaw siya ng dalawa o tatlong bating. 33 At kaniyang sinabi, Ibagsak ninyo siya. Sa gayo'y ibinagsak nila siya: at ang iba sa kaniyang dugo ay pumilansik sa pader, at sa mga kabayo: at siya'y kaniyang niyapakan ng paa. 34 At pagkapasok niya, siya'y kumain at uminom; at kaniyang sinabi, Tingnan ninyo ngayon ang sinumpang babaing ito, at ilibing ninyo siya: sapagka't anak ng hari. 35 At sila'y nagsiyaon upang ilibing siya: nguni't wala na silang nasumpungan sa kaniya***

***kundi ang bungo, at ang mga paa, at ang mga palad ng kaniyang mga kamay. 36 Kaya't sila'y nagsibalik, at isinaysay sa kaniya. At kaniyang sinabi, Ito ang salita ng Panginoon, na kaniyang sinalita sa pamamagitan ng kaniyang lingkod na si Elias na Thisbita, na sinasabi, Sa bahagi ng Jezreel kakanin ng mga aso ang laman ni Jezabel: 37 At ang bangkay ni Jezabel ay magiging gaya ng dumi na itinapon sa ibabaw ng bukid sa bahagi ng Jezreel; na anopa't hindi nila sasabihin, Ito'y si Jezabel." (2 Hari 9:30-37)*** Si Jesebel, ang anak na babae ng Hari ng Zidon, ay naging asawa ni Haring Ahab at sa pamamagitan ng kanyang pagsamab kay Baal ay ipinakilala sa Israel. Siya ang unang babae na nabanggit sa Bibliya na nagpinta ng kanyang mukha. Hindi ko sinasabi na siya ay tanguna, ngunit sinasabi ko ang kanyang sagot sa pangyayari sa buhay na kanyang pinagdaanan. Ang kanyang asawa ay namatay sa digmaan at ang kanyang anak na lalaki, si Haring Joram ay pinatay ni Jehu at ngayon si Jehu ay lumapit patungo sa kanya upang salubungin siya: ***"30 At nang si Jehu ay dumating sa Jezreel nabalitaan ni Jezabel; at kaniyang kinulayan ang kaniyang mga mata, at ginayakan ang kaniyang ulo, at dumungaw sa dungawan." (2 Hari 9:30)*** Ngayon kung paanong kailangan niyang tumugon sa pangyayari? Sa halip na magsisisi at magpakumbaba sa harapan ng Dios, pinintahan niya ang kanyang mukha at lumabas upang salubingin si Jehu sa isang mapaghamong paraan, hinamak ang paghatol ng Dios. ***"31 At samantalang si Jehu ay pumapasok sa pintuang-bayan, kaniyang sinabi, Kapayapaan ba ikaw Zimri, ikaw na mamamatay sa iyong Panginoon?" (2 Hari 9:31)*** Gusto niyang ipaalala sa kanya ang tungkol kay Zimri na pumatay sa kanyang amo upang maging isang hari ngunit hindi siya nagtagumpay at siya'y namatay. Gusto niyang takutin si Jehu sa paghahayag sa kanya na ang kanyang tadhana ay magiging katulad, ngunit nakalimutan niyang alalahanin ang lahat ng kanyang mga kasalanan at mga maling ginawa laban sa Dios at laban sa Kanyang bayan. Ipinadala ng Dios ang Kanyang paghatol laban sa kanya ngunit hindi niya isinaalang alang na magsisi. Samakatuwid isinakatuparan ni Jehu ang paghatol ng Dios laban sa kanya na ating binasa. Sa panahon ngayon, ang buhay ng mga Cristianong tao at ang simbahan ay pareho; haharapin nila ang mga paghihirap sa buhay at ang darating na paghatol ng Diyos na nagtatago sa likod ng mga maskara at pininturahan ang mga mukha na pinalamutian ang kanilang sarili ng mga ngiti na walang laman upang pagtakpan ang kasalanan at kalungkutan ng puso; ang kanilang pagtanggi sa katotohanan at ang kanilang kapalaluan ay hadlang sa kanila mula sa tunay na pagsisisi, at sa pagbubukas ng kanilang buhay sa Dios sa ganap na pagsuko.

Nakakalungkot sabihin, ang mga Israelita ay sumunod sa masamang halimbawa ni Jezabel at ginawa ang parehong bagay sa kanilang buhay sa pagharap sa kanilang mga suliranin at mga hamon sa buhay. ***"40 At bukod dito ay inyong ipinasundo ang mga taong nangagmumula sa malayo, na siyang mga ipinasundo sa sugo, at, narito, sila'y nagsisidating; na siyang dahil ng iyong ipinaligo, at ipinagkulay mo ng iyong mga mata, at pinaggayakan mo ng mga gayak;" (Ezekiel 23:40)*** Ngayon ang ginagawa ng mga Cristiano ang kapareho kapag sila'y humaharap sa mga hamon ng buhay; sa halip na magsisi hinahanap nila ang makamundong lunas para sa kanilang problema. Ginagawa nilang maganda ang kanilang sa paglalagay ng make up upang akitin ang iba sa kanilang pabor; nakikipagkaibigan sila sa makangyarihang mga tao ng mundo at literal na ipinagbibili ang kanilang sarili upang makahingi ng tulong. Ito ay hindi magbubunga ng matagal na pakinabang. ***"30 At ikaw, pagka ikaw ay napahamak, anong iyong gagawin? Bagaman ikaw ay nananamit ng mainam na damit na mapula; bagaman ikaw ay gumagayak ng mga kagayakang ginto, bagaman iyong pinalalaki ang iyong mga mata ng pinta, sa walang kabuluhan nagpapakaganda ka; hinahamak ka ng mga mangingibig sa iyo." (Jeremiah 4:30)***

Ang kalagayan ni Jezabel at kung paano siya nabuhay ay ipinakita pa sa Bagong Testamento, sa aklat ng Pahayag sa pamamagitan ng mga Salita ni Jesus sa simbahan ng Tiatira. ***"20 Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan. 21 At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi; at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid. 22 Narito, akin siyang iniraratay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian, maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kaniyang mga gawa. 23 At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa." (Pahayag 2:20-23***) Ang simbahan ng mga Cristiano sa ngayon ay ayaw harapin ang pakikibaka ng buhay sa pagharap sa kasalanan at upang gumawa ng hakbang upang dalhin ang mga tao sa punto ng pagsisisi at sa banal na pamumuhay. Sa halip, ang simbahan mismo ang nahaharap sa espirituwal na kahirapan at ang Dios ay hindi nasisiyahan bilang bunga ng kanilang walang kabuluhang paraan at pagpapakasasa sa makamundong gawain ng kasiyahan at mga pagdiriwang: Araw ng mga puso, Araw ng mga patay, Araw ng lahat mg Santo, Araw ng mga ama, Araw ng mga ina, Araw ng magkakaibigan, at lahat ng araw na darating at pagpapakulay ng mga pagdiriwang na ito, aktibidad, at mga kaganapan na may mga pagtatanghal sa pagsamba na sinamahan ng ilaw at epekto ng mga tunog. Ang nagtatanghal, ay tinatawag na mga namumuno sa pagsamba, subukang mapahanga ang karamihan sa maraming make up, kakaibang estilo ng buhok, mga tato, nakakatuhog, hindi disenteng pananamit upang magbalat kayo sa kanilang kabiguan na maging isang piniling henerasyon, at ang kanilang walang pagsisisi, sa parehong paraan ni Jezabel nang hinarap niya si Jehu. Sa ganitong uri ng pagmamalaki at walang pagsisisi, hindi na nakakagulat kung bakit ang mga simbahan ngayon ay humaharap sa maraming pakikibaka sa anyo ng kahirapan, karamdaman, sirang mga pamilya, paghihiwalay, pangalawang pagaasawa, bakla, pagaasawa, atbp at nasa mga katakot takot na kalagayan.

Ang mensaheng ito ay hindi lamang para sa kababaihan, kundi pati na rin para sa kalalakihan at sa lahat, para sa maraming tao ngayon ay gumagamit ng make up upang pagandahin ang kanilang sarili mula sa labis na pagpapahalaga sa sarili, na tinatakpan nila ang ilang mga nunal, taghiyawat, at lukot sa paggamit ng make up, ginto at mga palamuti, o mamahaling mga relo, mobile, at sasakyan, upang akitin ang iba patungo sa kanila. Ang taong ito ay kailangan nilang magsisi sa lahat ng gayon, katulad ng itinuro natin sa kababaihan tungkol dito. Pati na rin ang maraming mga kalalakihan at kababaihan ay gumagawa ng plastic surgery at gumastos ng maraming pananalapi upang pagandahin ang kanilang sarili na may mas malaking labi, bilog na pisngi, tuwid na ilong, mahusay na inilagay dimples na kung saan ang ilan lamang sa kanila ay dahil sa hitsura. Ito ay nagbigay ng pagtaas sa mga seguro ng kompany na nag aalok ng mga plano sa pagbabayad para sa mga napakamahal na elective na operasyon at pamamaraan, para may iba na kayang magpagawa. Ang ating mga kalalakihan at kababaihan, mga bata, kabataan at kabataan ay hindi dapat makialam sa lahat ng gayong katiwalian sa mundo. Dapat malaman ng Simbahan ng Dios ang lahat ng gayong mga pakana at katiwalian ng diablo na nais na ipakilala sa simbahan tulad ng pagpapakilala ni Jezabel sa pagsamba kay Baal sa Israel.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Upang harapin ang pakikibaka ng buhay, kailangan natin ang Dios sa ating tabi. Ang Salita ng Dios ay nagsasabi sa atin ng mga sumusunod: ***"5 Sila'y nagsitingin sa kaniya, at nangaliwanagan: at ang kanilang mukha ay hindi malilito kailan man." (Awit 34:5)*** Nais ng Dios sa atin na bumalik sa Kanya, upang bumalik kay Jesus at sa Kanyang Salita na magbibigay liwanag, pagasa at buhay. ***"16 Nguni't kailan ma't magbalik sa Panginoon, ay maaalis ang talukbong. 17 Ngayon ang Panginoon ay siyang Espiritu: at kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon, doon ay may kalayaan. 18 Datapuwa't tayong lahat, na walang talukbong ang mukha na tumitinging gaya ng sa isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay nababago tayo sa gayon ding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, na gaya ng mula sa Panginoon na Espiritu." (2 Corinto 3:16-18)*** Kapag may pagsisisi, mayroong kalayaan mula sa kasalanan, kalayaan mula sa pagkaalipin, kalayaan mula sa mga limitasyon, mayroong higit pang gawa ng Banal na Espiritu sa ating buhay. Sa ganitong paraan haharapin natin ang mga suliranin na may kasiguraduhan na nasa atin ang Dios. Sa gayon, kailangan nating ipasakop ang ating sarili na lumakad sa Kanyang mga paraan.

***Ang aking panalangin:*** Ama naming Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Ating ipahayag ngayon ang ating mga kasalanan. Talikdan ang iyong make up at pabango na ginagamit mo upang magkaroon ng karangalan at makaakit sa iba. Talikdan ang iyon pagmamataas, ang iyong pagmamalaki at katigasan ng ulo.

Ipagtapat ang iyong kasalanan ng hindi pagbabasa ng Salita ng Dios at kawala ng mga panalangin. Talikdan ang iyong galit, kagaspangan at ang iyong kawalan ng kagandahang loob,

Talikdan ang kasalanan ng panunuhol sa iba sa paggamit ng iyong kagandahan at make uo. Talikdan ang iyong kamunduhan at ang iyong pagibig upang maging tanyag. Talikdan ang iyong hindi mabuting tagapamahala at pagsasayang ng iyong pera sa make up at pabango, pamaluti, mobile, at hindi kinakailangang mga bagay. Talikdana ng iyong imoralidad at ang iyong pakikipagrelasyon sa labas ng kasal. Talikdan ang iyong kawalan kahandaang magpakumbaba at sumabay sa plano ng Dios. Talikdan ang iyong masamang halimbawa sa iba at ang maling pamumuhay na iyong ipinamumuhay. Talikdan ang iyong kawalang kahadaang maglingkod sa Dios, ang iyong kawalang kahandaang magdusa para sa Kanya at ang iyong kawalang kahandaang ipangaral ang Salita ng Dios.

Panginoon, patawarin ako, ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na mga kasalanan.

Panginoon ibinababa ko ang aking sarili sa harap mo at sa harapan ng iyong Salita na aking napakinggan ngayon. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na umalis mula sa lahat ng kamunduhan ng make up, pagkukulay ng buhok, at mga pabango. Panginoon ipinangako ko aking sarili sa layunin na aking natutunan mula sa mensaheng ito upang isagawa at turuan ang aking pamilya, ang aking asawang babae, at aking mga anak, at ang iba at tulungan silang sumunod kay Cristo. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na magbunga pa ng bunag ng Espiritu; pagibig, kagalakan, kapayapaan, pananampalataya, kabutihan, kaamuhan, kahinahunan, pagtitiis, pagpipigil sa sarili, at mahabang pagdurusa. Panginoon patuloy mong bigyan ako at protektahan ako upang ako'y makapagpatuloy na maglingkod sa iyo sa pagabot ng bagong bayan at gawin silang bagong alagad para sa iyo.

Panginoon lubos akong nagtitiwala sa iyo na palayain ako mula sa sumusunod na suliranin __________ at sa sumusunod na mga tao ________________.

Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at bumalik sa iyo at handang maglingkod sa iyo at mamuhay ayon sa iyong kalooban. Panginoon panumbalikin sila pabalik sa iyo at sa ministerio upang paglingkuran ka. Panginoon tulungan sila sa kanilang buhay at sa mga pagsubok na dinadaanan nila. Panginoon protekatah at iligtas sila mula sa masama at sa mga nanggugulo sa kanila upang ang kanilang pananampalataya at ang kanilang pagtitiwala ay tumatag.

Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng Espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay na magpatuloy at maglingkod. Panginoon tulungan kami na mag evangelio at abutin ang bagong mga ato ng evangelio ni Jesus at gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang bagong mga manggagawa at magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at pakikipagkaisa ng Banal ng Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com